# 1

Mag-a-ala-seis noon ng hapon at nagbabakasakali si Cedric na bukas pa ang music room ng eskuwelahan. Mabilis ang naging hakbang ng kanyang mga paa dahil halos kalahating oras na siyang late sa usapan nila ni Miss Trina Santiago, ang manager at coach ng banda ng kanilang school. Makailang beses pa siyang tumingin sa relo at eksaktong limang minuto na lamang at alas seis na. Siguradong magiging alanganin ang lagay niya sa magiging band coach niya.

Ito na lang ang nalalabi niyang pag-asa upang hindi makakuha ng P.E. subject—ang maging member ng school band. Naiinis tuloy siya sa huling instructor nila at nagpumilit na mag-overtime sila.

Nasa harapan na siya ng pinto ng music room at balak nang kumatok, subalit pinigilan siya ng boses na nagmumula sa loob nito. Kasalukuyan na palang nag-eensayo ang banda at kumakanta ng isa sa sikat na awitin ng *Side A*. Hindi pa man niya nakikita ay nabighani na agad siya sa angking galing sa pag-awit ng bokalista ng banda. Naramdaman niya ang pagbilis ng pintig ng kanyang puso sa pakikinig sa

tinig at napasandal siya sa pinto. Naisip niya na mag-e-enjoy siya sa pagsali sa banda dahil sa sinumang may-ari ng tinig na iyon. Makahulugang ngiti sa labi ang nabuo sa mukha niya sa isipin kung ano ba ang hitsura ng kasalukuyang kumakanta. Minabuti niyang tapusin ang pagtugtog ng banda bago siya kumatok sa music room.

"There you are!" Halos dumagundong ang boses ng babaeng nakaupo sa ibabaw ng table sa gawing kaliwa ng music room. Napatingin tuloy lahat sa kanya ang limang member ng banda na kasalukuyang nag-aayos na ng kani-kanilang mga gamit.

"You're one hour late! Bakit ngayon ka lang? Alam mo ba na namuti na ang mga mata namin sa kahihintay sa 'yo? Mr. Cedric Mariano, kung gusto mo talagang mapasama sa bandang ito, dapat una pa lang, nagpapakitang-gilas ka na agad."

Hiyang-hiya na lumapit si Cedric kay Miss Trina at humingi ng dispensa. Tapos nang mag-ayos ng kanilang gamit ang mga band members at naghahanda nang umalis. Nakita niya ang nag-iisang babae. Alam niyang ito ang umaawit kanina.

At hindi siya nagkamali. Talaga palang napakaganda ng bokalistang ito. Napakasimple ng

kagandahan nito na lalong nagpatindi ng paghanga niya sa dalaga. Sa hindi niya mawari ay bigla na lamang itong sumimangot nang makitang nakatingin siya.

“Pasensya na po, Ma’am, kasi po nag-overtime ’yung huling klase ko at hindi ko na kayo na-inform na male-late ako. I’m really sorry.” Nakatingin pa rin si Cedric sa bokalista habang humihingi ng apology sa coach.

“O siya, ano pa nga ba? We’ll have another practice tomorrow at five pm. Please be here on time. It will serve as your try-out sa banda. Kapag nagustuhan namin ang performance mo, you will be our newest member. But if you fail to impress us, well, sorry na lang siguro.” Itinaas nito ang isang kamay at itinuro isa-isa ang mga miyembro ng banda. “Ahm, by the way, let me introduce you to the band. Guys, come here. This is Cedric Mariano, siya ang posibleng maging bagong member ng *Ultimate*. Cedric, si Cris ang ating lead guitarist, si Leo ang humahawak ng bass guitar, si JP sa rhythm at si Jao ang ating drummer.”

Isa-isang naglapitan ang mga pinakilala ng coach at nagsikamay kay Cedric. Sa babaeng bokalista pa rin siya nakatingin. Napansin naman ito ng coach at

muling hinabol ang papalabas nang si Jasmine.

"Ah, I forgot. Siyempre makakalimutan ko ba naman ang nag-iisang rosas sa grupo, si Jasmine. Halika dito, hija. Ipapakilala kita kay Cedric Mariano, siya ang–"

Hindi na naituloy ng coach ang pagsasalita dahil hindi man lang ito nilingon ng dalaga na dere-derechong lumabas. Tumigil ito nang bahagya sa tapat ng pinto at tumingin sa instructor.

"I'm sorry, Coach, nagmamadali kasi ako." Bahagya itong tumingin kay Cedric. "Nice meeting you," walang ganang saad nito. Ni hindi man lang ito ngumiti sa binata. "Nga pala, agahan mo naman ang pagpunta dito bukas. 'Wag kang magkakamaling aksayahin na naman ang oras namin."

Hindi na nakabawi si Cedric para humingi ng paumanhin dahil kaagad na itong lumabas ng music room dala-dala ang gitara nito. Napatingin na lang sa kanya si Miss Trina.

"Well, siguro pagod lang si Jasmine, and she's right, Cedric. Sa banda, hindi uso ang excuses. Kapag sinabi na kailangang pumunta ka, pupunta ka sa ganoong oras at lugar. Siyempre ang unang dapat mong matutunan ay ang pakibagayan ang

ugali ng mga magiging kasama mo rito. So that's it. See you tomorrow, guys."

---

Hindi naging maganda ang ipinakitang kilos at ugali ni Jasmine kay Cedric pero hindi iyon naging hadlang sa binata para patuloy na hangaan ito. Lalo siyang natuwa nang malamang kaklase niya ito sa isa niyang subject. Tamang-tama at bago pa lamang nagbubukas ang school year. Matagal-tagal din ang isang semester para magkakilala sila nang husto ng dalaga, na lihim niyang hinahangaan.

Subalit sadya yatang mainit ang dugo sa kanya ni Jasmine. Nang makita nito na kaklase si Cedric ay kusa itong umupo sa isang silyang malayo sa kinaroroonan ng binata. Malimit siya nitong pukulan ng matatalim na tingin. Hindi tuloy maunawaan ni Cedric kung ano ba ang ikinagagalit sa kanya ng babae kaya nagpasya siyang kausapin ito bago magsimula ang practice ng *Ultimate*.

Pero bago pa man niya ito magawa ay nasira na ang kanyang planong pakikipag-ayos. Bumababa sa hagdanan si Jasmine kasama ang member ng banda at ilan pa nitong mga kabarkada. Nagtatawanan ang mga ito habang nag-uusap. Lalapit na sana si Cedric subalit natigilan siya nang marinig na siya ang topic

ng mga ito.

"Jasmine, in fairness ha, may hitsura 'yung si Cedric. Balita ko transferee daw 'yun at talagang magaling kumanta." Kinikilig ang kabarkada at matalik na kaibigan ni Jasmine na si Ana.

"Alam mo, Ana, lahat naman ng tao eh, may hitsura. At 'yung si Cedric, well, iyong-iyo na siya."

"Wow, ba't naman ang taray mo, sis? At teka lang ha, wala yata akong sinabi na may gusto ka sa kanya?"

Umismid lang ang dalaga.

"Ang yabang kaya ng gunggong na 'yon," sabat ni JP. Ito ay isa sa mga gitarista ng *Ultimate* at matagal nang may pagtingin kay Jasmine. "Alam mo late na late siya kahapon sa try-out kaya 'yun, na-resched na lang mamayang hapon. Ikaw, Ana, 'wag mo na ngang ipagpilitan dito kay Jasmine si Cedric."

"Alam n'yo guys, masyado kayong maka-react. At ikaw, JP, kung hindi ko pa alam, nagseselos ka lang. Hindi ko naman siya ipinagtutulakan kay Jasmine. Ako kaya ang may gusto sa kanya!" amin ni Ana at naupo sa isang step at itinuloy ang pambibiro sa kaibigan. "Pero sis, di ba, member na siya ng *Ultimate*? I mean, hopefully maging member siya.

Pa'no kung magustuhan ka niya? Mukha namang mabait siya at parang mas bagay kayo…"

Sa may likod ng pinto ay mas pinagbuti ni Cedric ang pakikinig sa usapan. Gusto niyang marinig ang isasagot ni Jasmine.

"Sis? Ano bang mabait? Presko 'ika mo. At ang yabang! Akala mo kung sinong paimportante."

Habang nagsasalita si Jasmine ay sinadya ni Cedric na lumabas mula sa pinagtataguan at nagpakita sa mga nag-uusap. Hindi siya nakita ni Jasmine na dere-derecho sa pagsasalita at hindi napansin ang senyas ng mga kaibigan.

"At 'eto pa ah! Kanina ba naman noong klase natin kay Sir Eroa, akala mo kung sinong magsasagot. Akala mo kung sinong matalino. Para siyang nagpapakitang-gilas. Sa tingin ko, type niya ako…" patuloy na sabi ni Jasmine. Tinatapik siya ni Ana pero hindi niya iyon inintindi. Wala siyang kamalay-malay na malapit na si Cedric at tatawa-tawa ito dahil sa mga narinig na sinabi niya.

"Feeling ko talaga, may gusto siya sa akin. Well, sorry na lang siya kasi, hindi ko siya gusto." Bigla pa siyang tumayo at inilakas ang boses, "He is not my type!"

Nagitla si Jasmin nang mukha ni Cedric ang tumambad sa kanya. Gusto tuloy niyang lumubog mula sa kanyang kinatatayuan. Titig na titig sa kanya ang binata na para bang gusto siyang tunawin. Pigil ang kanyang hininga at panay ang lunok habang hindi niya maunawaan kung ano ba ang gagawin ngayong nasa harapan niya ang lalaking nilalait niya. Pero parang nag-iba yata ang ihip ng hangin dahil sa tingin niya ay lumulundag ang kanyang puso sa pagkatitig nito sa kanya. Napakaganda ng mapupungay nitong mata. Ang matangos nitong ilong ay lalong nakadagdag sa kaguwapuhan nito at ang mga labi tila napakasarap halikan.

Napatigil ang kanyang mga isiping iyon nang magsalita si Cedric. "Well, Ms. Icaro, hindi mo na kailangang isigaw na ayaw mo sa akin. Obvious naman, eh." Humakbang pa ito palapit at hinawakan ang baba niya. "You don't have to like me. 'Wag mong pilitin ang sarili mo dahil wala namang nag-oobliga sa 'yo," pabulong nitong sabi na tila sadyang hindi ipinarinig sa ibang naroon. Pagkatapos ay nakangiti itong tumalikod at bumaba sa hagdan na para bang walang nangyari. Naiwang nakatulala si Jasmine at maging ang kanyang mga kaibigan ay natigalgal.

*Mabait naman pala itong si Cedric.* Iyon kaagad ang naisip ni Jasmine. Pero iba ang ibinulalas ng

bibig niya. “Ang yabang! Akala mo kung sinong guwapo!”

Kahit iyon ang sinasabi niya ay iba ang ibinubulong ng puso niya. Hindi pa rin naman siya ipinahiya nito sa kabila ng masasakit na salitang sinabi niya tungkol dito. Pilit pa rin niyang pinigilan ang paglambot ng puso niya para sa lalaki. Hindi maaaring mangyari na mapalapit siya rito.

Samantala si JP ay malungkot na nakatingin kay Jasmine. Nararamdaman kaya nitong may ibang attraction sa pagitan nina Jasmine at Cedric?

# 2

Matamang nakikinig si Miss Trina sa pagtugtog ng *Ultimate*. Ito ang try-out ni Cedric para ma-qualify sa banda. Samantala nasa isang sulok lang ng music room si Jasmine at halatang walang gana sa pakikinig sa pagkanta ng binata kahit pa nga ang paborito niya ang awiting napili nito. Hindi maipagkakailang napakagaling kumanta ni Cedric. Kahit pilit niyang balewalain ay nagsusumiksik sa damdamin niya ang boses nito at kakaiba ang tibok ng puso niya kapag napapatingin siya sa lalaki.

Mula sa stage ay waring nananadya si Cedric na tanging sa kanya lamang tumitingin hanggang sa matapos ang kanta. Natatawa na lang sa kanya ang kanilang coach sa nakikita nito.

“Congratulations, Mr. Mariano. It’s a very good performance. Hindi kaagad sinabi sa amin na napakagaling mo palang kumanta. At mukhang magiging bagay ang team-up ninyo ni Jasmine bilang lead vocalists ng *Ultimate.*”

Kinamayan ni Trina si Cedric pagkatapos ng number nito. Nakaupo na silang lahat sa pabilog na mesa na nagsisilbi nilang conference table, upang

desisyunan ang naging performance ng binata kung tatanggapin ba nila ito sa banda.

"So how about you guys? Any reactions or suggestions regarding his performance? Cris? Leo?" tanong nito sa dalawang musicians.

"Sa akin, Coach, pasado. Magaling siya at tama ka, bagay ang team-up nila ni Jasmine. Siguradong pagkakaguluhan tayo sa gig natin sa foundation day." Tuwang-tuwang nag-thumbs up pa si Leo kay Cedric. "Good work, pare!"

Nakapagsalita na lahat ang members ng *Ultimate* at si Jasmine na lang ang hinihintay nilang magkomento. Tahimik pa rin ang dalaga at parang walang pakialam sa paligid, gayung pasok lahat sa isip niya ang halatang pagma-match sa kanilang dalawa ng bagong miyembro, na parang gagawin silang loveteam. Naiinis siya dahil wala siyang masabi para kontrahin ang mga ito. At isa pa, hindi niya alam kung paano titingin sa lalaki dahil sa walang pakundangan at nakakahiyang bagay na pinagsasabi niya tungkol dito.

"Jasmine? Are you with us?" Tinapik siya ni Coach Trina sa balikat.

"Coach!" Napabulalas siya sa gulat.

Nagkantyawan ang mga bandmates niya. Tinukso siya lalo sa bagong vocalist. Si Cedric ay matamang nakatingin lamang sa kanya na waring natutuwa sa ginagawang pambibiro ng mga kasamahan. Si JP ay masama ang tingin kay Cedric.

"Jasmine, ah! Wag mong sabihing na-in love ka na masyado sa boses ni Cedric kaya wala kang ma-comment sa kanya?" pang-aalaska ni Jao na lalong ikinatuwa ng grupo.

"Shut up!" sita niya rito. "Comment ba? Well guys, kontra ako sa lahat ng sinabi ninyo na maganda ang boses n'ya. At lalong hindi bagay na magkapareha kami sa pagkanta! Alam ko ang boses ko at sa pagkakadinig ko sa kanya hindi magkakatama ang boses namin. Masasayang lang ang oras natin kung bibigyan natin siya ng pagkakataon para makasama sa *Ultimate*."

Tigalgal ang lahat sa sinabi ni Jasmine. Alam niyang hindi iyon ang dapat niyang sabihin. Para sa kanya, excellent ang performance nito kanina at siguradong kung magdyu-duet sila sa pagkanta ay mai-in love ang lahat ng makakarinig. Subalit hindi na niya iyon naisatinig. Si Cedric ay napamaang na lamang at napahalukipkip.

"Jasmine, sorry, pero nakapagdesisyon na ang

grupo. Lahat sila ay natuwa naman sa performance ni Cedric maliban kay JP na fifty-fifty pero the rest of the group ay okay naman at pati sa akin. Napakaganda ng boses niya, Jasmine. For sure, stand out ang banda kapag naging bokalista natin siya."

Napahiya ang dalaga sa sinabi ni Miss Trina. At para lamang mapanindigan ang pagkontra ay naglakas-loob siyang nagtaray kahit na alam niyang ikakagalit iyon ng coach.

"Approved na pala kayong lahat, bakit n'yo pa hiningi ang opinion ko? Wala rin naman palang kuwenta kung magsasalita pa ako!" Tumayo si Jasmine habang galit na galit na nakatingin sa nakangiti na ngayong si Cedric. Lalo siyang nainis sa ikinikilos ng binata na para bang gusto talaga siya nitong ipahiya.

"Well congratulations, Mr. Mariano!" sarkastiko niyang sabi.

"You are being unreasonable, Jasmine. Wala akong nakikitang masama sa performance ni Cedric para hindi natin siya tanggapin sa banda. Mag-sorry ka sa kanya." Seryoso ang mukha ni Coach Trina at alam niya kapag nagagalit ito.

"Pero, Coach—"

"Jasmine, you are acting like a child! Ano ba'ng problema mo sa kanya? He deserves an apology."

Tiningnan pa niya si Cedric na nakatitig din sa kanya at parang pinipigil lamang na mapatawa. Alam niyang nag-aasta siyang bata pero nandoon na iyon kaya pinanindigan na niya.

"No way, Coach!" Iyon lang at tumalikod na si Jasmine sabay labas ng music room.

---

Pigil ni Jasmine ang pagpatak ng luha habang tumatakbo sa corridor ng university. Ngayon lamang siya napahiya ng ganoon at sa harapan pa ng Cedric na iyon. Sinabi niya sa sariling kung tatanggapin din lamang ng banda si Cedric ay siya na lamang ang aalis. Sa kanyang pagtakbo ay hindi niya nakitang may pasong nakaharang sa daraanan niya dahil naglilinis ang janitor.

Dere-derecho siya hanggang sa maramdaman na lamang niyang babagsak ang katawan niya sa lupa. Subalit hindi iyon nangyari dahil sa matitipunong bisig na sumalo sa kanya. Matama silang nagkatitigan ng lalaki. Talagang napakaganda ng mga mata nito na wari ay laging nangungusap. Ang mga labi nito

na kasasabikan ng sinumang babae na mahalikan. Napapikit siya nang unti-unting lumapit ang mukha ng binata sa mukha niya. Subalit natauhan siya nang maalalang ang lalaking pinapantasya niya ngayon sa harapan niya ay ang siya ring lalaki na nagpahiya sa kanya sa harapan ng kanyang mga kabanda.

Itinulak niya si Cedric at muli ay tinarayan ito. “Nananadya ka ba talaga?”

“Ako? Of course not. Can’t you see, kamuntik ka nang mabuwal. Sinalo lang kita.”

“So ano’ng ibig mong sabihin? Na kailangan kong magpasalamat sa ’yo, gan’on ba? Sinabi ko ba sa ’yong saluhin mo ako? Sana hinayaan mo na lang akong bumagsak sa lupa para wala na akong utang-na-loob sa ’yo!” Malakas ang boses ni Jasmine dahilan para mapatingin sa kanilang dalawa ang ilang estudyanteng dumadaan sa parteng iyon ng corridor.

“Jasmine, sumunod ako sa ’yo kasi gusto kong mag-sorry sa kung anumang ikinagagalit mo sa akin. Listen to me first, ang *Ultimate* na lang ang huling paraan para hindi ako mag-take ng P.E. Closed na lahat ang P.E subjects at kapag hindi ako nakakuha ng replacement nito, hindi ako makaka-graduate. Transferee ako at marami akong hinahabol kaya

please naman, sana tanggapin mo ang apology ko. At sana hayaan mo na ako sa banda. Hindi ko naman hinihiling na maging mabait ka sa akin kung ayaw mo, basta pagbigyan mo na 'kong makasama sa *Ultimate*. 'Yun lang."

Parang gusto nang maawa ni Jasmine sa paliwanag ni Cedric pero nangingibabaw ang pagkainis niya rito. Kapag nagkaayos sila, malaki ang posibilidad na maging malapit sila sa isa't isa. Delikadong mahulog ang loob niya sa binata at ito ay hindi niya hahayaang mangyari.

"Akala mo ba makukuha mo ako sa drama mo? Will you please get out of my sight? Kung inaakala mo na maawa ako sa 'yo… na makikipagkaibigan ako sa 'yo, well nagkakamali ka. Manigas ka!"

Naiwang lulugo-lugo si Cedric. Matama siyang nakatingin kay Jasmine habang nakaupo sa isang sulok ng corridor. Napatingin tuloy lalo sa kanya ang mga estudyanteng nagdadaan. Alam niya ang nasa isip ng mga ito. Na magkasintahan sila ng dalaga at nagkaroon ng kaunting pagtatalo.

---

Halos lumubog ang kama ni Jasmine sa pagkakasalampak niya rito. Ipinikit niya ang kanyang

mga mata para hindi na muling makapag-isip pa at nang igupo na siya ng kanyang pagod at antok dulot ng mga ginawa niya sa maghapon. Hindi na niya nagawang magpalit ng damit.

Subalit talagang hindi pa siya makatulog. Alas siete pa lang noon at talagang wala siya sa mood. Pilit man niyang iwaksi sa kanyang isipan ay hindi maipagkakailang palaging pumapasok sa isip niya ang naging pagkanta kanina ni Cedric. Parang isa itong mahiwagang bagay na kumikiliti sa kanyang puso.

Naisip ni Jasmine, wala naman talaga siyang dapat na ikagalit sa lalaki. Tama ang coach niya, walang dahilan para tratuhin niya ng ganoon ang bagong bokalista. Pero kakaiba ang pintig ng puso niya kapag naiisip ang binata at iyon ang pinakaiiwasan niya. Maging si JP na kabanda niya ay nagtangkang ligawan siya, subalit wala itong napala. Lantaran niyang sinabi na wala siyang panahon sa pakikipag-boyfriend at iginalang naman iyon ng binata kahit na labag sa kalooban nito. Maging sa ibang bandmates ay iniiwasan niyang mapalapit na masyado ang loob sa kanya. Hindi kasi puwede.

Makakatulog na sana siya nang biglang may kumatok sa pinto ng kanyang kuwarto. Sinadya

niyang hindi iyon buksan dahil nakasisiguro naman siyang iyon ang yaya niya at alam niyang papasok din ito kahit na hindi niya pagbuksan.

“May problema ka ba, Jasmine?” narinig niyang tanong sa kanya ng kanyang yaya. Nasa edad tatlumpo pa lamang ito at siya ay magtu-twenty na. Kung tutuusin ay halos magkabarkada lang sila nito at ito ang palagi niyang nakakausap kapag may problema siya.

Hindi siya sumagot bagkus ay sumandal sa headboard ng kama at tahimik na nakatingin lamang dito.

“Hay naku, Jasmine, alam mo naman na ayaw na ayaw ko na nagkakaganyan ka. At makakasama sa ’yo ang pag-iisip ng kung anu-ano. Ano ba ’yon at nang mapag-usapan natin?”

“Wala ’to, Josie. Masyado lang akong napagod sa school. Nag-rehearse kasi ang banda at medyo natagalan din. ’Tapos, masyado pang mahirap ’yung lessons sa school kaya napagod ako.” Kaibigan ang turing niya rito dahil halos limang taon na nila itong kasama sa bahay.

“Sige, hindi kita pipilitin kung ayaw mong sabihin sa akin ang nararamdaman mo. Pero alam

mong masama ’yan sa ’yo. ’Wag kang magkikimkim ng kung anu-ano at hindi makakabuti sa ’yo.”

Alam ni Josie na may dinaramdam ang alaga pero minabuti na nitong huwag nang kulitin si Jasmine. Alam nitong kapag ready na siya ay ikukuwento rin niya rito ang kung anumang problema.

“O inumin mo muna ito,” mayamaya ay ani Josie habang inaabot ang laman ng dala nitong tray.

“Josie, ayaw ko munang inumin ’yang mga gamot na ’yan. Napapagod na ako, nagsasawa na rin ako.”

“Hay naku, Jasmine, ito naman ang isang bagay na hindi ko maaaring kunsintihin sa ’yo. Alam mo namang hindi maaari ’yan. Aba, mapapagalitan ako ng mommy mo n’yan. Binabayaran nila ako para alagaan ka at hindi para pabayaan. O, heto at inumin mo na para bukas ay nasa normal na uli ’yang katawan mo. Pagkatapos mong inumin iyan ay maghintay ka ng isang oras at kumain ka na at—”

“At pagkatapos ng tatlong oras ay uminom ka uli nitong gamot at ’wag mong kakalimutang uminom ng gatas bago matulog at ’wag kang mag-iisip ng kung anu-ano.” Natatawa si Jasmine habang tinutuloy ang alam na niyang susunod na sasabihin

nito. Araw-araw ay gayon ang sinasabi ng yaya niya sa kanya.

Natawa rin si Josie. Kinumutan nito ang alaga. Sampung taong gulang pa lamang ay namamasukan na ito sa kanila kaya naman naging malapit na ang loob nito kay Jasmine. Parang kapatid na nga ang turingan nila sa isa't isa.

---

Medyo maalinsangan ang panahon at nagsisisi si Jasmine at hindi niya nadala ang payong na ipinagbilin ni Josie na dalhin niya. Malayo pa ang canteen sa building ng kanilang department at kinakailangan niyang maglakad. Pero hindi siya ang tipo na nagdadala ng payong dahil kinatatamaran niya iyon.

Katatapos lang ng huling klase niya sa umaga at patungo siya sa canteen para mag-lunch. Medyo naiinis siya dahil dapat sana ay kasabay niya si Ana na mananghalian subalit naunsyami iyon dahil dumating ang boyfriend nito at inaya itong kumain sa labas. Wala tuloy siyang kasamang mag-lunch ngayon. Kunsabagay, sanay naman siya nang walang kasama.

Sa wakas ay nakapasok siya sa canteen at medyo

nabasa na nga siya ng papalakas na ulan. Napansin niyang mahaba ang pila at sa hindi niya maunawaan ay waring nahihilo na siya sa tindi ng gutom.

Nang makabili naman siya ng kanyang kakainin ay wala na siyang makitang lugar para maupuan. Inilibot niya ang kanyang paningin at nakita niyang isang lugar na lamang ang kanyang puwedeng upuan. Isang lalaki ang nakatungong nagbabasa ng libro habang nasa harapan ng pagkain. Sinamantala niya ang pagkakataon kaysa naman hindi siya makakita ng table. Isang hakbang na lang siya sa mesa at talagang tinatalo na siya ng kanyang pagkahilo. Lalo siyang nairita sa sitwasyon nang makilala ang nagbabasang lalaki—si Cedric. Kaagad siyang tumalikod at maghahanap na sana ng ibang mauupuan subalit wala siyang makita.

Matamang nakatitig sa kanya si Cedric at hindi nakatiis ay nilapitan siya nito.

"Jasmine, dito ka na lang maupo sa table ko, patapos na rin naman ako."

Kinuha ni Cedric ay kanyang tray para tulungan siya subalit tumanggi siyang dalhin ito ng binata. Ilang sandali pa ay hindi na niya alam ang nangyari.

---

Nagmulat ng mga mata si Jasmine at si Cedric ang namasdan niyang nakaupo sa silyang malapit sa higaan niya. Nakapikit ang mga mata nito. Sa tingin niya ay nakatulog na ang binata. Tumingin siya sa paligid nang nagtataka at saka pa lamang niya napagtantong nasa klinika siya ng university. Napagmasdan niya si Cedric at maraming bagay ang gumulo sa isip niya. Ano ang ginagawa niya roon at bakit ang lalaking ito ang kasama niya?

Hindi niya maitatangging maamo ang mukha ni Cedric, at talagang napakaguwapo. Bakit ba iba ang nararamdaman ng puso niya kapag natititigan niya ito? Ipinaling-paling niya ang ulo sa isiping nahuhulog na ang loob niya rito. Ilang sandali pa ay nakita niyang magigising na si Cedric kaya umakto siyang natutulog pa at ngayon pa lamang magigising.

Sakto naman ng pagkukunwari niya nang lumapit sa kanya si Cedric. Mayamaya ay naramdaman na lamang niya ang palad nito sa kanyang buhok pababa sa kanyang pisngi. Kakaibang pakiramdam ang hatid niyon sa kanya at gusto niyang hindi na tanggalin pa ni Cedric ang kamay na iyon sa kanyang mukha. Subalit natakot siyang malamang nagkukunwari kaya umarte siyang nagising at nabigla sa pagkakita sa binata.

"'Wag kang masyadong magkikilos, baka mahilo ka pa uli. I'm glad at gising ka na. Pinag-alala mo talaga ako. Akala ko kung ano na ang nangyari sa 'yo." Hinimas-himas pa ni Cedric ang kanyang pisngi.

Hindi tuloy maintindihan ng dalaga kung bakit ganoon na lamang ang concern sa kanya ang binata. Madadala na sana siya sa kabaitan nito pero nanaig ang takot sa kanyang puso. Tinabig niya ang kamay ng binata na nasa pisngi niya.

"Ano ba'ng ginagawa mo dito?" mataray na sabi niya na hindi tumitingin sa kausap.

"Bigla ka na lang kasing nahimatay kanina sa canteen at nag-alala ako sa 'yo kaya kaagad kitang dinala dito sa clinic. Ano ba kasi'ng nangyari sa 'yo? Bakit wala kang kasama na kumakain? At saka—"

"A-ano'ng sinabi sa 'yo ng doktor?" pabigla at wari ay natakot na tanong ni Jasmine.

"Wala naman. Sinabi niya lang na you need to rest. At siguro daw ay dala lang iyan ng pabago-bagong panahon. Bakit naman? May dapat pa ba siyang sabihin sa akin?" nagtatakang tanong ng binata.

"Ha? Wala naman…" Medyo natahimik si Jasmine at parang nanibago sa sarili na parang

bumait yata siya sa binata kaya nang makabawi ay muling inaway si Cedric na nananahimik na nagbabasa ng diyaryo habang pasulyap-sulyap sa kanya.

Sa isang banda ay naisip niyang wala naman talaga itong ginagawang masama. Sa totoo nga, puro kabutihan at kababaang-loob ang ipinapakita nito. Gaya na lamang noong isang araw na may itinatanong sa kanya ang kanilang professor tungkol sa kanilang assignment sa Advertising. Hindi siya magaling sa subject na iyon kaya hindi niya sinagutan ang assignment.

To the rescue naman ang binata at palihim na inihagis sa kanya ang notebook nito na may sagot na. Naligtas siya ng binata sa siguradong galit ng terror na teacher. Pero sa halip na pasalamatan niya ito ay pagtataray ang iginaganti niya rito.

Sa kanyang pag-iisip ng mga awayang tila aso't pusa nila ni Cedric ay hindi niya namalayang nakangiti na pala siya habang nakatitig sa binata. Ito man ay nakatitig din sa kanya.

Saka lang siya natauhan nang mapansin ang tila nakakaloko nitong tingin.

"Hoy! P'wede ba? I'm okay now, you can go. At

please lang, huwag mo nga akong titigan!" Mahina lamang ang boses ni Jasmine subalit may kasama pa ring pagtataray.

"Pero wala ka pang kasama dito. Baka hindi ka pa okay. Ang sabi ng doctor, kailangan mo pa ng pahinga. Okay lang naman sa akin na bantayan ka, since late na rin ako sa klase ko kaya a-absent na lang ako. At nga pala may pangalan ako at hindi iyon 'hoy'," nakangiti nitong sagot sa dalaga na medyo pabulong. "At ikaw nga 'tong tumititig sa akin kanina pa."

"What? Look, Mister… hindi mo kailangang mag-alala sa akin. This is none of your business. At isa pa, mayamaya lang, darating na ang yaya ko. I'm sure tinawagan na siya ng dean kaya makakauwi na rin ako. So you'd better go."

Nagkunot ng noo ang binata. "Alam mo hindi ko alam kung ano ang ikinakagalit mo sa akin, Jasmine! Sana man lang bigyan mo ako ng valid reason para maintindihan ko kung bakit ka nagkakaganyan sa akin…."

Mahinahon subalit may bigat ang bawat tinuran ni Cedric na nakapagpaluha nang lihim kay Jasmine. Gustung-gusto na sana niyang kausapin nang maayos ang binata at humingi ng tawad sa mga pagtataray

niya rito pero paano naman ang pride niya kapag ginawa niya iyon?

# 3

Pagkatapos ng pagsagip ni Cedric kay Jasmine ay hinayaan na ng huli na makasama nila sa banda ang binata. Kahit papaano gusto rin niyang makasundo ito, iyon nga lang ay nangunguna pa rin ang pride niya at ang takot sa kanyang dibdib. Ayaw niyang lumago ang namumuo pa lamang na paghanga niya para sa binata. Matalino, magaling kumanta, perfect gentleman at guwapo. Ano pa nga ba ang hahanapin niya rito? Pero ang lagi na lamang isinasagot niya sa sarili, ano na lang ang makikita sa kanya ni Cedric? At siya na rin ang sasagot ng katanungang iyon. Wala.

Kaya naman sa halos araw-araw na magkasama sila sa rehearsals ay hindi niya ito binibigyan ng pagkakataon na mapalapit man lang sa kanya. Kapag kailangan talaga silang mag-usap, ang kinahihinatnan ay puro away lamang. Maging sa pagpili ng kanta na aawitin nila nang duet ay hindi sila magkasundo at nauwi iyon sa pagwo-walk-out ni Jasmine. Ang mga bagay na ito ay nakasanayan na ng mga kasamahan nila, lalo na ni Cedric. Pero bilang band coach, hindi papalagpasin ni Trina ang ganoong ugali ni Jasmine.

“What’s wrong, Jasmine?” seryosong untag ni Trina sa kanya.

“Wala po, Coach.”

“So, ganoon naman pala. Eh, bakit ba ang init ng dugo mo kay Cedric? Alam mo, napakabait niyang tao. Nakikita ko sa kanya kung paano siya magsumikap na mapaganda ang teamwork ninyo as a band. Pero ikaw, nagbago ka na. Hindi ikaw ’yung Jasmine na kakilala ko. Alam mo, mag-usap kayong dalawa. Ayaw kong may nag-aaway sa mga alaga ko at saka alam mo naman na mga kapatid na ang turing ko sa inyo dito, di ba? Try to be nice to him. Puwede ba ’yon, Jasmine?”

Isang malalim na buntong-hininga ang pinakawalan ng dalaga bago sumagot. “I’m sorry, Coach. Try ko na hindi siya tarayan.”

Tatayo na siya nang pigilan ni Trina sa braso.

“Ano ba’ng pumipigil sa ’yo?” Halos matunaw siya sa tanong nitong iyon. Parang nababasa nito ang sinisigaw ng kanyang puso.

“Coach? Ano po’ng sinasabi mo?” Hindi niya sinagot ang tanong pero hindi rin niya magawang tumingin nang derecho rito.

"Look, Jasmine, we're both females. Alam ko kung ano ang nararamdaman mo. I was just wondering kung bakit hindi mo iyan palayain? Bakit mo pinipigil?" Hindi siya nakasagot. Pinisil nito ang palad niya. "Tutulungan kita, Jasmine. 'Andito ako, hindi n'yo lang ako coach, kaibigan n'yo din ako…"

Pinilit ni Jasmine na ngumiti para maitago ang nasa puso niya kaya pinili niyang tumalikod para hindi na siya masukol pa ng manager.

"Thanks, Coach, for always being here. Mauna na po ako. Kayo talaga kung anu-ano ang sinasabi n'yo. Don't worry, babawasan ko na itong katarayan ko sa kanya para naman hindi ka na mag-isip nang ganyan. Ikaw talaga, Coach, nagpapatawa ka naman, eh…" Halos ipinanalangin niya na hindi nito nahalata ang paggaralgal ng tinig niya.

Hindi naman talaga niya mahal si Cedric. Iyon ang sabi ng isip niya at iyon ang gusto niyang mangyari. Pero iba ang bulong ng kanyang puso.

Hanggang sa makalabas siya sa office ni Trina ay parang nangangatog pa rin ang kanyang tuhod. Lalo pa nang pahabulan pa siya nito ng salita. "Huwag n'yo nang pahirapan ang isa't isa, Jasmine."

Dumerecho na lang muna siya sa music

room. Naabutan niyang naggigitara si Cedric at nagkukuwentuhan naman sina Cris, Leo, JP at Jao. Napatingin ang mga ito sa kanya nang pabiglang pumasok siya sa silid. Nangunot ang noo ng mga ito nang lapitan niya si Cedric at hablutin ang kamay nito.

"Mag-usap tayo." Gagap niya ang palad ng binata na hindi kaagad nakakilos sa kabiglaan. Hinila niya ito palabas at wala na itong nagawa kundi sumunod sa kanya.

"Hoy ikaw, ganito ah. Alam mo namang mabigat ang dugo ko sa 'yo at siguro ganoon ka din sa akin. Gusto ko lang sabihin sa 'yo ang magiging set-up natin. Kapag oras ng band rehearsal, sige okay tayo. Lalo na kapag nandoon si Coach pero pagkatapos n'on, back to normal tayo. Hindi mo ako lalapitan, hindi mo ako kakausapin at hindi ka makikipagkaibigan sa akin, naiintindihan mo? Ayaw ko lang mag-suffer ang banda. I'm only doing this for *Ultimate*'s sake!"

Hindi na nakuhang makasagot pa ni Cedric sa sinabi ng dalaga. Para sa kanya, okay na rin iyon para maging maayos ang samahan nila kahit kapag nasa rehearsal lang sila. Malay niya baka pagkakataon na iyon para mas makilala siya nito at nang sa ganoon mabago ang pangit nitong impression sa kanya.

Ngunit ang inaakala niyang pagbabago ay hindi na naganap. Isang excuse letter ang binigay ni Ana sa kanilang dean. Hindi alam ni Cedric kung ano ang nilalaman noon at lalo siyang nag-alala sa mga sumunod na nangyari.

Ilang araw na naging tahimik ang paligid niya. Dapat sana ay maging masaya siya dahil wala nang mang-aaway at manghihiya sa kanya sa maraming tao subalit kabaligtaran nito ang nangyayari. Halos isang linggo rin iyong nangyari at lihim iyong nakapagpahirap ng kalooban niya. Lalo siyang nalungkot nang sabihin ni Coach Trina na hindi muna makaka-attend ng practice si Jasmine dahil may importante raw itong inaasikaso. Maging sa kanilang klase ay hindi rin niya ito nasusulyapan man lang.

Lihim siyang nag-aalala at hindi niya alam kung para saan iyon. Pormal na siyang naging bokalista ng *Ultimate* na dapat sana ay ikasaya niya pero parang wala iyong halaga dahil hindi niya nakakasama ang dalaga.

Minsan naisip niya, hindi kaya dahil pa rin inis ito sa kanya at hindi talaga makatagal na makasama siya, kaya hindi ito nagpapakita? Pero ano ba talaga ang ikinagagalit sa kanya ng dalaga? Wala siyang

makitang dahilan para iwasan at pagtarayan siya nito. Nakikita niyang may kabutihan din ito sa kapwa lalo na kapag kasama nito si Ana. Minsan nga paglabas nila ng university ay ilang batang lansangan ang lumapit sa magkaibigan. Kitang-kita niya kung paano nagbigay ng tulong si Jasmine sa mga ito. Pero ang malaki niyang ipinagtataka kay Jasmine ay bihira lamang ang kaibigan o kakilala nito sa eskuwelahan. Bihira niya itong makitang nakikipagtawanan sa loob ng klase. Hatid-sundo ng kotse hanggang harapan ng school nila. Lagi niya itong nakikitang nasa malayo ang tingin. Na para bang pasan nito ang mundo.

Lalo tuloy naging misteryosa ang dating sa kanya ng babae. At kahit kailan hindi niya maintindihan ang takbo ng utak nito. Mga isiping labis na nagpasidhi ng paghanga at curiosity niya para sa dalaga.

---

*Ilang ulit mo nang itinatanong sa akin*

*Kung hanggang saan*

*Hanggang saan, hanggang kailan*

*Hanggang kailan magtatagal*

*Ang iyong pagmamahal…*

Isang malakas na palakpak mula sa kanilang likuran ang narinig ng banda nang matapos ang kanilang rehearsal.

"That's great, guys! Talagang araw-araw pinahahahanga n'yo ako. Okay ang musicality at talaga namang napakagaling ng pagkakanta mo, Cedric," puri ni Trina sa *Ultimate*.

Naupo na ang bandmembers sa round table at halatang may excitement ang mukha ni Trina habang palakad-lakad sa paligid ng mesa.

"Coach, may dapat ba kaming malaman? Bakit parang ngingiti-ngiti ka d'yan?" Hindi na nakatiis si Cris at nagtanong na sa babae.

"Ikaw talaga, Cris, lagi mo akong pinangungunahan. Pero pigil-hininga muna… I have two good news sa inyo. Ang una, kinuha tayo ni Governor para maging official band na kakanta sa kanyang fiftieth birthday at marami doong press people. Malay natin may maka-discover sa atin, di ba?"

Hindi pa man tapos si Trina na magsalita ay hindi na magkamayaw sa katuwaan ang lima.

"Teka lang, hindi pa ako tapos. That will be this coming August, so we have two weeks more to

practice. At ang isa pa, malaki ang bayad sa 'tin."

"Talaga, Coach? Hay salamat naman at siguradong makakapag-date na ako nang maayos-ayos nito!" Tuwang-tuwa si Leo habang inuuga ang silyang inuupuan. Hindi pa ito nakontento, niyakap nito ang coach. Nagkatuwaang nag-group hug sila.

"Coach, ano naman po 'yung isang good news pa?" tanong ni JP mayamaya.

"Ahm… I'm sure na-miss n'yo siya. At ngayon nagbalik na siya…" Ngingiti-ngiti si Trina na kay Cedric nakatingin. Para yatang nababasa ng babae kung ano ang kanyang iniisip at nararamdaman.

"Parang alam ko na 'ata kung sino ang tinutukoy mo, Coach…" ani Leo na pumunta sa may pinto at bigla iyong binuksan. Tuwang-tuwa ang grupo nang bumungad si Jasmine. Lalo pa silang nabigla nang mapansing nag-iba na ang porma ng dalaga.

Kung dati ay nakapusod palagi ang mahabang buhok nito at nakapalda nang hanggang bukong-bukong ay kabaligtaran naman ngayon. Napakaganda nito sa suot na denim mini-skirt na naglabas ng kaputian ng binti, at tinernuhan ng puting sleeveless na kita na halos ang cleavage. Nakalugay ang buhok nitong malapit nang umabot sa baywang. Napatitig

sa kanya ang grupo at tuwang-tuwang nilapitan si Jasmine at niyakap. Pero hindi si JP at Cedric na kakaiba ang reaksyon sa nakita sa dalaga.

Masayang-masaya si Jasmine na nakabalik na uli siya sa pagkatapos ng halos dalawang linggong pahinga. Lihim niyang tinitingnan si Cedric at dahil naalala pa nila ang kanilang kasunduan nang huli silang mag-usap ay nginitian niya ang binata.

Pero iba na yata talaga ang ihip ng hangin dahil hindi niya maunawaan kung bakit masama ang tingin nito sa kanya at nakasimangot pa. Akala pa naman niya ay matutuwa ito kapag nakita siya.

"Coach, tingnan mo si JP, o. Parang natuklaw ng ahas sa pagkakita kay Jasmine. Si Cedric naman, na-in love na yata sa ating prinsesa. Hoy, kayo ngang dalawa hindi n'yo man lang ba bibigyan ng welcome hug si Jasmine? Hay naku, siguradong napakasaya ng magiging gig natin sa birthday ni Gov. Kasi naman napasarap yata ang pagbabakasyon nitong si Jasmine," tuwang-tuwang nanunukso si Cris kina Cedric at JP, pati na rin sa dalaga. Lalo silang nagkatawanan nang hubarin ni JP ang maong jacket nito at isuot kay Jasmine.

"Isuot mo nga 'to. Ano ba'ng naisip mo at nagsuot ka ng ganyan?" May pag-aalala sa mukha ni JP na

halatang nagseselos din sa naging expression ng mukha ni Cedric. “Para ka nang walang suot n’yan ah!”

“Grabe ka naman d’yan! Ayaw mo nito? Minsan na nga lang ako mag-ayos, hindi mo pa ma-appreciate.”

“Nag-ayos ka nga… mamaya niyan, pagtitinginan ka ng mga lalaki sa kalye. At saka bakit ka pa ba nagpalit ng ayos, eh, bagay naman sa ’yo ’yung dati mong damit, ah,” galit pa rin na angil ni JP na nakatayo sa harapan ni Jasmine.

“Sorry na po, akala ko pa naman magiging maganda na ako…” Hinawakan pa ni Jasmine ang kamay ni JP na ikinakantyaw ng grupo. Maging ang dalaga ay naninibago sa ikinikilos ng sarili. Ngayon lamang uli siya nakipaglokohan sa mga kabanda nang ganoon. “Coach, ikaw na nga ang magsabi sa kanila. Nakakapagtampo naman ang mga ito.”

Bago pa man makapagsalita si Trina ay padabog nang tumayo si Cedric na ikinagulantang ng lahat. Dere-derecho itong lumabas ng music room. Hindi na nakapagsalita pa ang lima at si Jasmine naman ay akmang susundan ito. Ang mga kamay ni JP ang humadlang sa kanya. Hindi na siya nagpilit na umalpas. Ang isa pa, naisip niya, ano nga ba ang

sasabihin niya kay Cedric? Walang dahilan para habulin niya at tanungin kung bakit ito nag-walk-out sa kanila.

Para makabawi ang lahat sa pagka-shock kay Cedric ay namagitan na si Coach Trina.

“Sige, hayaan na muna natin si Cedric kasi baka may problema lamang siya.” Kay Jasmine ito nakatingin habang sinasabi iyon. Pagkuwan ay itinuloy rin ang magandang balita.

“Guys, may party tayo mamaya sa bahay ni Jasmine. It’s her birthday!” puno ng kagalakang pagbabalita ng coach sa mga alaga. “At lahat tayo ay imbitado sa party niya.”

Tuwang-tuwa ang lahat sa magagandang balita na natanggap nila mula kay Trina at maging sa pagbabalik ni Jasmine. Pero hindi si Cedric. Lihim siyang nagngingitngit sa concern ni JP para sa dalaga at sa sweetness ng dalawa. Mga bagay na hindi niya magawa rito.

---

Katatapos pa lamang noon ng klase nila nang habulin ni Jasmine si Cedric. Hindi siya sigurado sa gagawin pero itinuloy pa rin niya.

"Sandali!" Napatingin at nabigla si Cedric nang makita siya.

"I'm sorry, nagmamadali ako. Sabihin mo lang kung may nagawa na naman ako na ikinagalit mo para makapag-sorry na ako at makaalis na." Salat sa emosyon ang tinig ng binata, hindi rin ito tumitingin sa kanya.

"Ganyan ba talaga ang tingin mo sa akin?"

"Bakit, Jasmine, ano ba'ng tingin mo sa sarili mo? You are so insensitive! Sarili mo lang ang iniisip mo!" Humarap ito sa kanya. Bakas ang galit ng mukha nito.

"Ano ba'ng problema mo ha? Wala kang alam sa akin at wala ka ni katititing na karapatan para sabihan ako ng ganyan!" Nangilid ang luha sa kanyang mga mata, pero hindi niya hahayaan na maging mahina sa harapan ng binata. Naiintindihan niya ang sinasabi nito. Siguro dahil iyon sa mga pagtataray niya noon sa binata. Pero hindi pa rin niya hahayaan na husgahan siya nito.

"Alam mo, Jasmine, napakaipokrita mo! Bakit ba hindi mo maamin sa sarili mo ang tunay mong nararamdaman? Napakamanhid mo lang ba talaga, o ganyan ka lang ka-sama kaya nagagawa mo sa

akin ’to? You are torturing me!”

Sa mga binitiwang salita na iyon ni Cedric ay humulagpos ang isang malakas na sampal sa mukha ng binata.

“Ang kapal ng mukha mo! Wala kang karapatan na sabihan ako nang ganyan. Alam mo nagkamali ako dahil binigyan pa kita ng pagkakataon na kausapin ako, nagkamali ako na nilapitan pa kita, at binigyan ka ng puwang sa puso ko. Huhusgahan mo rin pala ako!”

Natulala si Cedric. Hindi niya iyon inaasahan at hindi niya inisip na ganoon ang nararamdaman ng dalaga. Para siyang binuhusan ng suka sa pagkaputla.

Gustung-gusto niyang yakapin ito na kasalukuyang umiiyak sa kanyang harapan. Paano niya nasaktan ang isang napakahalagang tao sa kanyang puso? Nagsisisi siya, pero nasaktan na niya si Jasmine. Pareho silang wala sa timing kaya nauwi sa ganito ang lahat. Mabuti na lamang at wala nang tao sa classroom nila kaya walang nakatuklas sa rebelasyong iyon ng kanilang mga puso.

“I’m sorry, Jasmine, hindi ko alam…”

“Wala ka talagang alam. Umalis ka na lang… wala kang kuwenta!”

# 4

Napakaliwanag ng buong kabahayan ng mga Icaro. Pili lamang ang mga bisitang inimbitahan ni Jasmine para sa kanyang ika-dalampu't isang kaarawan. At isang dahilan niyon, hindi naman talaga siya malapit sa mga tao. Mga malalapit na pinsan at kaibigan lamang ang naroon. Lahat ng tao roon ay puno ng kagalakan at kasiyahan. Ang lahat ay masasayang nagsasayawan, nagkukuwentuhan. Pero hindi siya.

Matagal nang nagsisimula ang party ay hindi pa rin siya lumalabas sa kanyang silid upang harapin ang mga bisita. Malungkot siyang nakatitig sa salamin habang mataman namang nakatingin sa kanya ang matalik na kaibigang si Ana.

"Alam mo, sis, birthday mo ngayon, hindi burol." Saka lamang nito naisip ang nasabi at kaagad na binawi. "Oh... I'm sorry, Jas!"

Natahimik lalo at lalo pang nalungkot si Jasmine sa sinabi ni Ana.

"Sis, huwag ka na lang malungkot. Kahit ngayon man lang, kalimutan mo muna ang karamdaman mo. Alam kong mahirap, pero… okay sige, kung

hindi mo kayang humarap sa kanila, sasabihin ko na lang na hindi na matutuloy ang party dahil masama ang pakiramdam mo. I'm sure maiintindihan naman nila 'yon."

Tumayo si Jasmine at humarap sa harap ng salamin. Tinitigan niya ang repleksyon at pinilit na pasayahin ang sarili.

"Ano ka ba, sis! Anong hindi itutuloy ang party? Minsan lamang dumaan ang birthday ng isang tao. At para sa akin, isang mahalagang bagay ang makarating ako ng twenty-one. Oh, di ba, dapat maging masaya ako, birthday ko, eh. "

Alam ni Jasmine na tama ang sinabi niya. Pero tutol naman ang puso niya para matuwa. Hindi niya matanggap na wala naman palang pagtingin sa kanya si Cedric. Paano pa siya magiging masaya? Wala nang dahilan para roon.

Oo, pinigil niya, pilit na iwinaksi at sinikil ang nararamdamang iyon, pero bakit noong handa na niyang aminin sa binata ay parang kidlat na sumambulat sa kanya ang matinding pagkamuhi nito sa kanya? Minsan iniisip niyang ayaw talaga ng Diyos na maging maligaya siya.

Mas nalungkot si Ana sa nakikitang hitsura ni

Jasmine. Alam nitong pinalalakas lamang niya ang sariling loob.

“Tara na, best friend. Ano, how do I look?” tanong pa niya sa kaibigan.

“You look great, sis. Tara na. Jas, forget about Cedric. I think mas makakabuti ’yon sa kalagayan mo.”

Naisip niya, kalagayan na naman niya? Bakit ba lahat na lang ng bagay guwardyado ng kalagayan niya? Wala na talaga siyang kalayaan.

Inakbayan niya ang kaibigan at tangka na silang lumabas ng silid nang pumasok doon si Josie na may hawak ng cellphone ng dalaga.

“Jasmine, ang mommy mo.”

“Josie, sabihin mo kung hindi rin lang sila makakauwi dito, huwag na lang silang tumawag. Kailan pa ba sila uuwi, kapag patay na ako? Sana nga mamatay na lang ako para naman maisipan nilang umuwi dito at makita ko!”

Hindi man lang tiningnan ng dalaga ang cellphone na hawak ng yaya. Dere-derecho siyang lumabas ng silid. Malungkot na napasunod na lamang si Ana. Samantala, naiwan namang nakatingin lamang si

Josie.

Sa isang banda, reasonable lang naman na maghinanakit si Jasmine sa kanyang ina. Matagal nang patay ang kanyang ama dahil sa cancer at simula nang mangyari iyon ay itinuon na lamang ni Lina na kanyang ina ang sarili sa pagtatrabaho sa ibang bansa. Lalo pang naging bihira ang pag-uwi nito nang malaman ang kalagayan ni Jasmine.

---

*Graduation day noon ni Jasmine. Masayang-masaya siya dahil sa wakas ay makakapunta na siya ng Maynila para roon makapagkolehiyo. Kahit hindi siya kasali sa mga nagawaran ng parangal ay maluwalhati rin naman siyang nakapagtapos sa abot ng kanyang makakaya. At ang isa pa, todo-suporta pa rin sa kanya ang kanyang mommy. Spoiled siya dahil nag-iisa siyang anak. Lahat ng bagay ay sunod mula sa pagkain, pera, damit at lahat ng kanyang gustuhin. Excited noon na makakuha ng diploma si Jasmine dahil matagal na niyang pangarap na makapag-aral sa Maynila.*

*Palibhasa ay puno ng tao ang gym ng paaralan, halos mahilo-hilo si Jasmine, bagay na hindi na niya binigyang-pansin dahil sa siya na ang susunod na kukuha ng diploma. Gustung-gusto niyang marinig*

*mismo ang pangalan na tawagin mula sa stage.*

*Sakto sa pagtawag ng pangalan niya at kakamay na siya sa principal ng kanilang school ay hindi na niya alam ang mga sumunod pang nangyari. Nagising na lamang siya na nasa isang silid na hindi siya pamilyar. Nakita niya ang kanyang ina at si Josie na kausap ang isang nakaputing uniporme na nahinuha niyang isang doktor. At mas lalo niyang hindi nakayanan ang mga salitang binitiwan ng manggagamot sa kanyang mommy. Pabulong iyon at tila hindi talaga intensyong iparinig sa kanya.*

*Enlargement of the heart! Iyon ang mga katagang nagpapaulit-ulit sa isip ni Jasmine at halos nagsusumigaw sa utak niya. Dahil sa pagkabigla ay halos hindi na niya ito nakayanan at muli ay hindi na uli niya alam ang mga sumunod na nangyari.*

*Nang sumunod siyang magising ay nasa sarili niya siyang kuwarto. Si Josie ang naroroon at nakabantay sa tabi ng kama niya. Halos wala itong kangiti-ngiti sa mukha.*

*"Jasmine, naku, mabuti naman at gising ka na. Sandali lang at bubuksan ko itong bintana para naman masinagan ka ng sikat ng araw…" Tatayo na sana ang kanyang yaya subalit pinigilan ni Jasmine ang kamay nito.*

*"Ilang taon? Ilang buwan, o linggo?" Matamang nakatitig siya sa kasambahay nang tanungin iyon. Sinadya niyang patapangin ang sarili at pigilang umiyak.*

*"Alam mo Jasmine, ano kasi eh. Ahm, ikaw talaga! Ano ba 'yang mga pinagsasasabi mo! Wala… wala akong alam d'yan eh. Ang mabuti pa kumain ka na muna. Teka lang at ipaghahanda kita. Tamang-tama niluto ko ang paborito mong ulam." Halos magkabulol-bulol si Josie sa pag-iwas sa mga tanong ni Jasmine.*

*"Josie, alam ko na, narinig ko na! Alam ko na ang kalagayan ko! Huwag mo nang ilihim sa akin, may karapatan akong malaman ang tungkol doon. Josie, parang awa mo na! Galit sa akin si Mommy dahil sa sitwasyon ko. Alam ko, ayaw niya lang sabihin 'yun. Nakikita at nararamdaman ko sa kanya 'yun…" Pumailanlang sa loob ng silid ang boses ni Jasmine kasabay ng impit niyang pag-iyak.*

*"Huwag mong sabihin 'yan, Jasmine. Mahal ka ng mommy mo, kaya lamang siya nagkakaganoon ngayon ay dahil nabibigla pa siya sa pangyayari. Unawain mo na lang muna siya, alam mo namang hindi pa siya nakaka-recover sa pagkawala ng daddy mo…"*

*Hindi na rin kinaya ni Josie ang nararamdaman at tuluyan na nitong dinamayan ang alaga at napuno ng luha ang silid na iyon.*

Simula noon, hindi naging normal ang lahat para kay Jasmine. Lahat ay may limitasyon. Hindi na niya magawa ang mga bagay na gusto niyang gawin. Hindi na siya nakapag-aral pa sa Maynila, kundi sa malapit na paaralan na lamang sa kanilang probinsya. Limitado ang lahat mula sa pagkain, sa mga bagay na gagawin niya o maging sa mga bagay na kanyang iisipin. May hangganan mula sa pagpatak ng kanyang luha hanggang sa kanyang kaligayahan. At ang lahat ng ito ay hindi niya gusto. At hindi niya inaasahan.

Hindi iilang beses siyang pumupunta sa ospital para sa kanyang regular treatment. May 2D echo, psychological test, emotional test, at kung anu-ano pa. Hindi iisang uri ng gamot ang kanyang iniinom, at hindi iisang beses siyang tinusukan ng karayom upang hindi maramdaman ang sakit ng paggagamot sa kanya. At sa bawat pagsubok na iyon sa kanyang buhay ay minsan lamang niya nakasama ang ina. At iyon ang labis niyang ipinagdaramdam. Mas tumatayo pa ngayong nanay niya si Josie na walang-sawa at buong-pusong sumusuporta sa bawat pagsubok niya.

Oo, may sakit siya sa puso. Enlargement of the heart. Bawal ang sobrang saya, sobrang lungkot, sobrang pagod at sobrang pag-iisip. Nagagalit siya sa kaalamang ito dahil halos kinokontrol na nito ang kanyang buhay. Minsan ay iniisip niyang mas mabuti pang mamatay na lamang siya upang matapos na ang kanyang paghihirap. Pero patuloy ang pagpapalakas ng loob sa kanya ng tawag ng kanyang ina at ng mga dkctor, pati na rin ni Josie.

Kahit na napapansin niya ang paglayo sa kanya ng kanyang mommy ay pilit niya itong inuunawa. Kahit na nga nagsisimula na siyang magkaroon ng hinanakit dito.